

Food Establishment Resource Library



Patakarang Pangkalusugan ng Empleyado

Ang Mga Alituntunin Nangangasiwa sa Kalinisan ng Mga Estalisyento ng Pagkain, Kabanata 2, Kalusugan ng Empleyado, ay hinihiling na ang isang may-hawak ng pahintulot, ang taong namumuno, ang mga tagahawak ng pagkain at mga kondisyonal na tagahawak ng pagkain ay pababain ang panganib ng paglilipat ng mga sakit na galing sa pagkain sa pamamagitan ng:

1. Pag-uulat ng mga sintomas tulad ng:
 - o Pagsusuka*
 - o Pagtatae*
 - o Paninilaw (jaundice)
 - o Pamamaga ng lalamunan na may kasamang lagnat
 - o Naimpeksyong mga sugat o paso sa mga kamay at mga braso

*Paalala: Ang mga empleyado ay hindi dapat bumalik sa trabaho hanggang hindi nawawala ang mga sintomas nang hindi bababa sa 24 oras.

2. Hindi kabilang ang mga empleyado mula sa paghahawak ng pagkain kapag na-diagnose na mayroong isang karamdaman na maaaring makahawa sa pamamagitan ng pagkain tulad ng:
 - o Salmonella Typhi (tulad ng tipos na lagnat)
 - o Shigella spp. (nagsasanhi ng shigellosis)
 - o E-coli 0157:H7
 - o Hepatitis A virus
 - o Norovirus

Ang Food and Drugs Administration (FDA) ay nakapagbuo ng isang polyeto (Employee Health and Personal Hygiene Handbook¹) upang tulungan ang pangasiwaan ng Establisimyento ng Pagkain na magtakda ng mga pamamaraan at higpitan/pagbawalan ang mga empleyado na maaaring makahawa ng pathogens sa pagkain. Ito rin ay nagbibigay ng pamagitanan na pumipigil sa paghahawa ng mga virus at bacteria sa mga establisimyento ng pagkain.

Ang polyeto ay naglalaman ng mga template² na napagkasunduan ng mga empleyado sa pagkain na nagbabalangkang ng pananagutan na ipabatid sa employer ang mga sintomas at mga karamdaman na maaaring makahawa sa pamamagitan ng pagkain. Ang pagtalima sa mga hakbang nailahad ay maaaring makapigil sa paglaganap ng mga karamdaman sa pagkain na inihanda ng mga empleyado.

¹ <http://www.fda.gov/food/guidanceregulation/retailfoodprotection/industryandregulatoryassistanceandtrainingresources/ucm113827.htm>

² <http://www.fda.gov/downloads/Food/FoodSafety/RetailFoodProtection/IndustryandRegulatoryAssistanceandTrainingResources/UCM184236.pdf>